| Aralin 6 | الدرس السادس |
|---|---|

## Mga Kundisyon ng *Lá Iláha Illalláh*

Ang paniniwala sa ***Lá Iláha Illalláh*** ay may pitong kundisyon; hindi magiging makabuluhan ang pagbigkas niyon kung hindi nabuo ang mga ito at sinunod ng tao ang mga ito nang walang pagsalungat sa anuman sa mga ito.

### 1. Ang Kaalaman

Ito ay ang kaalaman sa kahulugan nito batay sa pagkakaila (na may iba pang totoong Diyos) at pagkilala (na tanging si Allah ang totoong Diyos) at batay sa ang anumang gawaing hinihiling nito. Samakatuwid, kapag nalaman ng isang tao na si Allah ang kailangang sambahin lamang, na ang pagsamba sa iba sa Kanya ay walang saysay at gumawa siya ayon sa hinihiling ng kaalamang iyon, siya ay talagang nakaaalam sa kahulugan ng ***Lá iláha illalláh***. Nagsabi si Allah (47:19): **"Kaya pakaalamin mo na walang Diyos kundi si Allah,…"** Sinabi naman ng Sugo (SAS): ***"Ang sinumang mamatay at nalalaman niya na walang Diyos kundi si Allah, papasok siya sa Paraiso."***

### 2. Ang Katiyakan

Ito ay nangangahulugang bibigkasin ang Shahádah: ***Lá iláha illalláh*** ayon sa katiyakang ikinapapanatag ng puso nang hindi pinapasukan ng anumang mga pag-aalinlangang ihinahasik ng mga demonyong jinní tao at mga demonyong tao. Manapa'y sinasabi ito nang may ganap na katiyakan sa ipinahihiwatig nito. Nagsabi si Allah (49:15): **"Ang mga sumasampalataya lamang ay ang mga naniwala kay Allah sa Kanyang Sugo, at pagkatapos ay hindi sila nag-alinlangan …"** Nagsabi naman ang Sugo (SAS): ***"Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allah at na ako ay Sugo ni Allah. Walang makikipagtagpo kay Allah na isang taong hindi nagdududa sa dalawang [pagsasaksing] ito nang hindi papasok sa Paraiso."***

### 3. Ang Pagtanggap

Nangangahulugan ito na tatanggapin ang lahat ng hinihiling ng paniniwala sa ***Lá Iláha Illalláh***, sa isip at sa salita. Kaya naman paniniwalaan ang mga Kapahayagan ni Allah at ang lahat ng nasasaad mula sa Sugo (SAS). Tatanggapin ang lahat ng ito, at walang anumang tatanggihan sa mga ito. Nagsabi si Allah (2:285): **"Sumampalataya ang Sugo sa ibinaba sa kanya mula sa Panginoon niya, at *gayon din* ang mga Mananampalataya. Bawat isa ay sumampalataya kay Allah, sa mga anghel Niya, sa mga Aklat Niya, at sa mga sugo Niya. "Hindi kami nagtatangi-tangi sa mga sugo," *sabi nila*. At sinabi *pa* nila: "Narinig namin at tumalima kami; *igawad Mo po* ang Iyong kapatawaran, Panginoon namin; at sa Iyo ang Hantungan."**

Pumapasok sa larangan ng pagtanggi at kawalan ng pagtanggap ang sinumang tumututol o tumatanggi sa ilan sa mga patakaran o mga kaparusahan na itinakda ng Sharí'ah (Batas ng Islam), gaya ng mga tumututol sa parusang iginagawad sa salang pagnanakaw o pangangalunya, o sa pag-aasawa ng higit sa isa, o sa paraan ng paghahati ng mana, at iba pa. Nagsabi si Allah (33:36): **"Hindi nararapat para sa lalaking mananampalataya ni sa babaeng mananampalataya, kapag nagtakda si Allah at ang Kanyang sugo ng isang kautusan, na magkakaroon pa sila ng pagpipilian sa kanilang pagpapasya.…"**